III-2 Paglipat ng tirahan at pag-alis sa Japan

1. Hakbang bago umalis sa inuupahang tirahan

Kung ikaw ay aalis na sa iyong inuupahang tirahan, dapat munang bayaran ang konsumo sa tubig, gas at kuryente. Tawagan ang bawat kumpanya ng gas, tubig at kuryente at ipaalam sa kanila na ikaw ay aalis na sa inuupahang bahay at tanungin kung magkano ang babayaran. Gawin din ito sa kumpanya ng telepono at (i-dial ang 116) at ipaalam sa kanila ang iyong bagong lilipatan. Dapat ding magsumite ng notisya ng pagkabakante sa post office para ang lahat ng iyong parating na sulat ay madadala sa iyong bagong tirahan ng walang bayad sa susunod na taon.

Kung ikaw ay lilipat sa ibang lugar na nasasakupan ng ibang munisipyo, dapat kang magsumite ng "Notice of Ineligibility" sa National Health Insurance division sa kaukulang opisina ng iyong lumang munisipyo at isauli ang iyong insurance card.

2. Pagkatapos makalipat sa bagong tirahan

Agad tawagan ang kumpanya ng gas at kuryente. Ang kumpanya ng gas ay magpapadala ng taong magbubukas ng linya ng gas sa inyong bahay at kayo ay sasabihin na obserbahan ito. Kadalasan, kapag binukasn ang breaker ay magkakaroon na ng kuryente pero dapat pa ring ipaalam sa kumpanya kung kailan kayo nagsimulang gumamit ng kuryente. Iba-iba ang sistema ng tubig sa bawat bahay na tinitirahan kaya dapat tanungin ang may-ari ng paupahan tungkol dito.

Kailangan ding ipabago ang iyong address sa iyong alien registration card sa inyong lokal na munisipyo sa bago ninyong tirahan sa loob ng 14 na araw. Kung miyembro ng National Health Insurance, matapos ipaalam sa kanila ang paglipat sa bagong tirahan, mag-aplay ulit sa munisipyo ng inyong bagong tirahan.

Kung may lisensiya sa pagmamaneho, ipabago ang inyong address sa sa istasyon ng pulis.

3. Pag-alis sa bansang Japan

(1) Bayaran ang lahat ng utang patungkol sa inuupahang tirahan gaya ng paggamit sa gas, kuryente, tubig at patawag sa telepono.

(2) Kung ikaw ay aalis ng bansang Hapon sa kalagitnaan ng taon, kailangan ding bayaran muna ang lahat ng iyong buwis. Patungkol sa amilyar (residence tax), bayaran ito ng buo para sa kabuuan ng taon sa inyong munisipyo. Ang mga lokal na buwis ay tinutuos base sa nakaraang taong kinita kaya kailangan pa rin itong bayaran kahit hindi ka na aabot sa isang taong ang iyong pamamalagi sa bansang Hapon.

(3) Maaaring may makuha sa ibinayad sa buwis kung mag-file ng ITR (Income Tax Return) sa nangangasiwa sa pagbabayad ng buwis sa loob ng panahong itinakda ng pagpa-file ng final Income Tax Return. Maaari ring pansamantalang mag-file ng ITR para ayusin ang pagbabayad o pagbabalik ng buwis para sa taong iyon bago ka umalis.

(4) Makipag-ugnayan sa munisipyo para ayusin ang mga bayarin sa National Health Insurance at ang proseso ng pagpapahinto nito isang buwan bago umuwi ng inyong bansa.

(5) Kung nagbabayad para sa pensiyon, maaaring makatanggap ng pera matapos makauwi sa inyong bansa para sa mga huminto ng pagbabayad. Asikasuhin ang mga papeles para rito sa inyong pinagtatrabahuhan o tanggapan ng social insurance.

(6) Sa oras ng pag-alisan ng bansang Hapon, ibigay ang Alien Registration card sa Immigration.